



Kagawaran ng Lokal na Sheriff ng San Diego

Pagsunod sa ika-54 na Batas ng Senado: Ang Batas ng Mga Pinapahalagahan ng California

Ang Kagawaran ng Sheriff ng Lokal ng San Diego ay tinatanggap ang kahalagahan ng pagkakaiba-iba ng mga komunidad na aming pinaglilingkuran. Inuuna namin ang relasyon sa komunidad at gusto namin maramdaman ng lahat ng residente na ligtas kapag nag-ulat ng krimen.

Kawani ng Mga Serbisyo ng Nagpapatupad ng Batas

- Ang mga kinatawan ng Sheriff ay hindi nag-iimbestiga o nagpapatupad ng batas ng imigrasyon.
- Hindi tatanungin ng mga kinatawan ng Sheriff ang mga indibidwal ng katayuan ng kanilang imigrasyon.
- Ang Kagawaran ng Sheriff ay hindi nakikipagkontrata sa pederal na pamahalaan upang detenihin ang mga indibidwal dahil sa paglabag sa imigrasyon.
- Ang Kagawaran ng Sheriff ay hindi pumipigil ng mga indibidwal batay sa mga pederal na warrant ng detainer.
- Ipinagbabawal ang paggamit ng mga gamit ng kagawaran para sa mga layunin ng pagpapatupad ng imigrasyon.
- Hindi gumagamit ang mga kinatawan ng Sheriff ng mga opisyal ng imigrasyon para sa mga serbisyo ng pagsasalin.
- Ang Kagawaran ng Sheriff ay hindi nagbabahagi ng personal na impormasyon ng pagkakakilanlan para sa pagpapatupad ng imigrasyon.

Pakikilahok sa Task Force

- Ang mga tauhan ng Sheriff na nakatalaga sa mga panrehiyong task force ay hindi nagpapatupad ng batas ng imigrasyon.
- Ang mga tauhan ng Sheriff na itinalagang lumahok sa mga panrehiyong task force ay nagpapatupad ng batas ng estado at pederal na may kaugnayan sa mga narkotiko, transnasyonal na kriminal na aktibidad, trafficking ng tao, mga armas, terorismo at iba pang marahas na kriminal na gawain.

Mga Tagabasa ng Lisensya ng Plaka

- Hindi pinahihintulutan ng Kagawaran ng Sheriff na ibahagi ang datos ng tagabasa ng lisensya ng plaka sa mga ahente ng Department of Homeland Security o Immigration and Customs Enforcement (ICE).

Mga Kulungan

- Hindi ililipat ng Kagawaran ng Sheriff ang isang indibidwal sa mga pandarayuhang awtoridad maliban na lang kung pinahintulutan ng isang hudisyal na utos o batay sa isang kuwalipikadong paghahatol ayon sa batas ng estado.
- Ang Kagawaran ng Sheriff ay hindi magbibigay ng impormasyon tungkol sa petsa ng paglabas ng isang indibidwal o tutugon sa mga kahilingan para sa abiso sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga petsa ng paglabas o iba pang impormasyon maliban nalang kung ang impormasyong iyon ay bukas para sa publiko o isang kwalipikadong paghahatol tulad ng nakasaad sa itaas.
- Ang mga tagalabas na ahensya sa pagpapatupad ng batas, kabilang ang mga ahente ng Immigration and Customs Enforcement (ICE), ay hindi libreng makakapasok sa anumang pasilidad o kulungan ng Sheriff. Kinakailangan silang magrehistro sa pangunahing pasukan ng pasilidad at sundin ang mga propesyonal na alituntunin ng bisita.
- Ang Kagawaran ng Sheriff ay hindi nagbibigay ng nakalaang espasyo ng opisina para sa mga awtoridad ng imigrasyon.
- Ang isang dokumento ng pahintulot (mayroon sa iba't-ibang wika) ay dapat kumpletuhin at ipadala sa isang nakakulong na tao sa lokal na bilangguan para sa lahat ng hiniling na panayam ng mga ahente ng ICE. Ang dokumento na ito ay nagpapayo sa indibidwal na hinihiling ng ICE na kapanayamin sila. Ang nakakulong na tao ay may opsyon na kapanayamin nang may kasamang abogado, nang walang abogado o tanggihan ang pakikipanayam. Ang mga serbisyo sa pagsasalin ay ibinibigay, at hindi pinipilit ang tao tungkol sa alinman sa kanilang mga pagpipilian.

Walang Itinatago

- Ang mga ulat, nakaraang presentasyon, at datos na nauugnay sa TIWALA, KATOTOHANAN at/o Batas ng Mga Pinapahalagahan ay makukuha sa www.sdsheriff.gov sa ilalim ng seksyong Resources-Open Data.